

Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Silangang Mindoro  
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-18 NG ABRIL, 1994 9:00 NG UMAGA DITO SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

-----  
Present:

|                               |                                     |
|-------------------------------|-------------------------------------|
| Kgg. Jesus M. Dimapilis       | - Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kagawad Cesar T. Baticos      |                                     |
| Kagawad Honesto O. Taytay     |                                     |
| Kagawad Crisencio S. Calma    |                                     |
| Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. |                                     |
| Kagawad Ferdinand V. Talens   |                                     |
| Kagawad Bernabe S. Mortel     |                                     |
| Kagawad Cosme T. Mores, Jr.   |                                     |
| Kagawad Jesus S. Dela Cruz    | - Pangulo, ABC                      |
| Kagawad Lorna F. Dimapilis    | - Pangulo, SK                       |

Absent:

Kagawad Ranulfo C. Bernal

-----  
KAPASYAHAN BLG. 41  
Taong 1994

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA KGG. SENADOR ARTURO M. TOLENTINO SA PAGBIBIGAY NG PONDO PARA SA DRAINAGE PROJECT NG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang kawalan ng maayos na padaluyan ng tubig, gayundin ang barado at maruruming agusan nito ay nakaaapekto sa kalusugan ng mga mamamayan at nakasisira sa kaayusan at kalinisang pangkapaligiran;

SAPAGKA'T, ang baradong mga kanal ay nagiging dahilan rin ng pagbaha lalo na sa mga mababang lugal;

SAPAGKA'T, ang proyekto sa drainage ay binigyan ng prayoridad sa gawaing pambayan ng pamahalaang lokal subali't dahilan sa sunod-sunod na kalamidad noong Disyembre, 1993 ang badyet ay itinuon sa higit at karakang pangangailangan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, ang proyekto sa drainage ay inilapit sa Kgg. Senador Arturo M. Tolentino na umakson agad at nagbigay ng tulong pinansyal na ngayoy ipinagpapagawa na ng proyektong nabanggit sa kabayanan ng bayang ito; at

SAPAGKA'T, bilang pagtanaw at pagkilala ng pasasalamat sa kagandahang loob na ipinagkaloob, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagpasyang ipaabot ang kanilang mataos na pasasalamat sa Kgg. Arturo M. Tolentino.

*see*

*see*

DAHIL DIPO, sa mungkahi ni Kagawad Crisencio S. Calma na sinang-  
ayunan ng lahat -


IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Kgg. Senador  
ARTURO M. TOLENTINO ang tauspusong pasasalamat sa pagbi-  
bigay ng pondo para sa drainage project ng Roxas, Sila-  
ngang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. ARTURO  
M. TOLENTINO, Tanggapan ng Senado, Maynila para sa  
kanilang kaalaman at sanggunian.


Pinagtibay ng lahat.

Abril 18, 1994


-----  
PINATUPUNAYAN KO ANG katotohana ng kapasyahang ito.

  
VIOLETA P. FUENTES  
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:

  
JESUS M. DIMAPILIS  
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:

  
GELACIO I. MASON  
Punong Bayan

merz/  
042094

Received:   
04/22/94